


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

**6**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:

## Pagsabi sa Paksa/Mahahalagang Pangyayari sa Binasang Sanaysay at Teksto



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikaanim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagsasabi sa Paksa/Mahahalagang Pangyayari sa Binasang Sanaysay at Teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ian A. Batabat

**Editor/ Tagasuri:** Lea Jane T. Lañoso/ Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Dave D. Cubero

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | – Schools Division Superintendent |
| Lourma I. Poculan | – Asst. Schools Division Superintendent |
| Amelinda D. Montero | – Chief Education Supervisor, CID |
| Nur N. Hussien | – Chief Education Supervisor, SGOD |
| Riela Angela C. Josol | – Education Program Supervisor – Filipino |
| Bernie P. Laranjo | – Public Schools District Supervisor |
| Ronillo S. Yarag | – Education Program Supervisor, LRMS |
| Leo Martinno O. Alejo | – Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065) 212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Gamit ng modyul na ito, inaasahang:

- **Nasasabi ang paksa/mahahalagang pangyayari sa binasang/napakinggang sanaysay at teksto. (F6RC-IIb-10)**

Mga tiyak na kaalaman na dapat mong matutunan sa modyul na ito:

a. Nakatutukoy sa mahahalagang detalye kaugnay sa paksang nabasa/narinig.
b. Nasasabi ang paksa mula sa tekstong nabasa/narinig.
c. Nakapagbibigay ng mga salitang naiuugnay sa isang paksa.

# Balikan

**Panuto:** Ilarawan ang mga pangunahing tauhan ng mga teleserye sa telebisyon na nasa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang tanong na nasa ibaba ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| ***Ang Probinsiyano***<br>Ricardo Dalisay | |
| ***Encantadia***<br>Reyna Amihan | |

Sino sa dalawang pangunahing tauhan ang mas gusto mo? Bakit siya ang iyong napili?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

# Tuklasin

Sa pag-aaral ng modyul na ito, higit mong mabibigyang halaga ang pagtukoy sa paksa at mahahalagang pangyayari sa binasa at napakinggang sanaysay at teksto. Mababatid mo rin na ang pagtukoy sa paksa at mahahalagang pangyayari sa binasa at napakinggang sanaysay at teksto ay isang magandang simula upang matutunan mo kung paano gumawa ng isang sanaysay o teksto. Ito ang magiging hakbang mo upang mas mapalawak pa ang iyong kaalaman sa wikang Filipino. O, ano handa ka na ba? Umpisahan mo na!

**Gawain A. Subukan Mo Nga!**
Base sa iyong natutuhan tungkol sa pagbasa ng mga teksto, ano-ano ang mga bahagi ng kwento?

A.) ______________________________________________________________

B.) ____________________________________________

C.) ____________________________________________

## Suriin

***Alam Mo Ba!***

**Sanaysay**
- nagmula sa 2 salita, ang sanay at pagsasalaysay isang piraso ng sulatin na kadalasang naglalaman ng punto de vista (pananaw) ng may katha pagpuna, opinyon, impormasyon, obserbasyon, kuru-kuro, pang-araw-araw na pangyayari, ala-ala ng nakaraan at pagmumuni-muni ng isang tao.

**Elemento ng Sanaysay**
1. ***Tema at Nilalaman*** - tumutukoy sa kung anuman ang nilalaman ng sanaysay ay itinuturing na *paksa* dahil sa layunin sa pagkakasulat nito at kaisipang ibinahagi.

2. ***Anyo at Istruktura*** - maayos na pagkakasunud-sunod ng ideya o pangyayari.

3. ***Kaisipan*** - mga ideyang nabanggit na kaugnay o panlinaw sa tema.

4. ***Wika at Istilo*** - mabuting gumamit ng simple, natural at matapat na mga pahayag.

5. ***Larawan ng Buhay*** - masining na paglalahad na gumagamit ng sariling himig ang may akda.

6. ***Damdamin*** - naihahayag ang damdamin nang may kaangkupan at kawastuhan sa paraang may kalawakan at kaganapan.

7. **Himig** - naipapahiwatig ang kulay o kalikasan ng damdamin.

*Sanggunian:* https://brainly.ph/question/140197

**Teksto**
• ay ang babasahin na naglalaman ng mga ideya tungkol sa iba't ibang tao o impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay.
• ay ang salita o ideya na pinagpapalitan ng teksto.

**Ibat Ibang Uri ng Teksto**
1**. Impormatibo**
• Ito ay isang uri ng teksto kung ito ay naglalahad ng mga bagong kaalaman, bagong pangyayari, bagong paniniwala at mga bagong impormasyon

2. **Argumentatibo**
• Ito ay isang teksto kung ito ay naglalahad ng mga posisyong umiiral na kaugnayan ng mga proposisyon na nangangailangan ng pagtalunan o pagpapaliwanagan.

3. **Persweysibo**
• Ito ay ang tekstong nangungumbinsi o nanghihiyakat.

4. **Naratibo**
• Ito ay naglalahad ng pagkasunod-sunod ng pangyayari.

5. **Deskriptibo**
• Ito ay isang teksto kung ito ay nagtataglay ng impormasyong may kinalaman sa pisikal na katangian ng isang tao, lugar, bagay.

6. **Prosidyural**
• Ang isang teksto kung ito ay nagpapakita at naglalahad ng wastong pagkasunod-sunod ng hakbang na malinaw na hakbang sa pagsasakatuparan ng anumang Gawain.

7. **Narasyon/Pagsasalaysay**
• Ang uri ng tekstong ito ay naglalahad ng impormasyong tumutugon sa mga tanong na paano at kalian?

8. **Eksposisyon**
• Ang tekstong ito ay naglalahad ng mga impormasyon tungkol sap ag-aanalays ng mga tiyak na konsepto.

9. **Reperensyal**
• Ang tekstong ito ay naglalahad ng mga tiyak na pinaghanguan ng mga inilalahad ng kaalaman.

*Sanggunian:* https://brainly.ph/question/201468

**Paksa**
**-** ay maaaring ang bahagi ng akda o pangungusap na binibigyan ng pokus o tuon sa akda o pangungusap.

Ang paksa ng isang akda ay tinatawag din na tema. Ito ay mahalaga sapagkat ito ang nagmumulat sa mga mambabasa kung ano ang magiging epekto ng kilos ng isang karakter sa kwento, nobela, o sanaysay sa kabuuang takbo ng kwento. Ang ilan sa mga pangkaraniwang tema na ginagamit ng mga manunulat sa kanilang mga akda ay: pagkamakabayan, pagmamahal sa kapwa, pananampalataya, at pagkakaibigan.

Isa sa pinakamahirap gawin ang pagtukoy sa paksa at mahahalagang pangyayari sa isang teksto at maging sa isang sanaysay. Ang paksa ay maaaring matagpuan sa unahan o hiluhang bahagi ng teksto o kahit sa sanaysay.

*Sanggunian:* https://brainly.ph/question/1068623

# *Pagyamanin*

**Gawain: Basahin Mo Nga!**

**Panuto:** Basahin ang halimbawa ng sanaysay na nasa ibaba at sagutin ang mga sumunod na tanong.

**Ang Pamilya**

Una sa lahat, ang isang Pilipino ay bahagi ng kanyang pamilya. Kahit siya ay doktor, manunulat, siyentipiko, o ano pa man, nananatili siyang ama o anak, pamangkin o apo, sa loob ng kanyang pamilya. Dito ay iba ang kanyang katungkulan at ang pagkakakilala sa kanya. Sa lahat ng oras ay pangunahin sa kanya ang kanyang tungkulin bilang kasapi ng isang pamilya.

Ang pinakaubod ng pamilyang Pilipino ay ang ama, ina at mga anak. Ang ama ang pinakapuno ng pamilya. Siya ang nasusunod at nagpapasya para sa pamilya. Sa kabilang dako ay tungkulin niyang pakainin, bigyan ng matitirhan at papag-aralin ang mga miyembro ng kanyang pamilya. Kaya siya ang nagtatrabaho at kumikita ng pera. Ang ina naman ang bahala sa bahay at sa pag-aalaga ng mga bata. Siya ang humahawak ng pera ng pamilya at pinagkakasya ito sa pangangailangan ng pamilya. Ang mga anak naman ay may responsibilidad rin. Sagutin nila ang mahusay na pag-aaral at ang pagtulong sa bahay.

*Sanggunian:* https://pinoycollection.com/sanaysay-tungkol-sa-pamilya/

**Mga Tanong:**

1. Ano ang paksa ng sanaysay na iyong binasa?

2. Bakit kaya ang ama ang pinakapuno ng pamilya?

3. Ano naman ang tungkulin o responsibilidad ng anak sa kanyang pamilya?

## Isaisip

Ang paksa ay maaaring ang bahagi ng akda o pangungusap na binibigyan ng pokus o tuon sa akda o pangungusap.

Ang paksa ng isang akda ay tinatawag din na tema. Ito ay mahalaga sapagkat ito ang nagmumulat sa mga mambabasa kung ano ang magiging epekto ng kilos ng isang karakter sa kwento, nobela, o sanaysay sa kabuuang takbo ng kwento. Ang ilan sa mga pangkaraniwang tema na ginagamit ng mga manunulat sa kanilang mga akda ay: pagkamakabayan, pagmamahal sa kapwa, pananampalataya, at pagkakaibigan.

Isa sa pinakamahirap gawin ang pagtukoy sa paksa at mahahalagang pangyayari sa isang teksto at maging sa isang sanaysay. Ang paksa ay maaaring matagpuan sa unahan o hiluhang bahagi ng teksto o kahit sa sanaysay.

Ang sanaysay ay nagmula sa 2 salita, ang sanay at pagsasalaysay isang piraso ng sulatin na kadalasang naglalaman ng punto de vista (pananaw) ng may katha pagpuna, opinyon, impormasyon, obserbasyon, kuru-kuro, pang-araw-araw na pangyayari, ala-ala ng nakaraan at pagmumuni-muni ng isang tao.

Ang teksto ay ang babasahin na naglalaman ng mga ideya tungkol sa iba't ibang tao o impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay. Ito rin ay ang salita o ideya na pinagpapalitan ng teksto.

## Isagawa

**Panuto:** Basahin ang teksto at sabihin ang paksa at mahahalagang pangyayari nito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na nasa kahon.

**Ang Matalik kong Kaibigan**

Tulad ng nakagawian kong gawin, pagkarating ko sa bahay mula sa paaralan, hinanap ko ang pahayagan. Ipinatong ko ang pagod kong mga paa sa bangkito at inumpisahan kong basahin ang kolum ni George Nava True tungkol sa kalusugan at mga sakit sa katawan. Sunod kong tinunghayan ang Entertainment at pagkatapos nito, sinulyapan ko ang mga pangalan ng mga namatay sa obituary. Laking gulat ko na lang nang makita ko ang pangalan ng aking matalik na kaibigan. Bigla akong tumayo na nanikip ang dibdib. Sinabi ko kay Nanay na namatay si Richard at pupuntahan ko agad sa St. Peter's Chapel kung saan siya nakaburol. Sa St. Peter's, sinabi sa information na sa huling silid sa kaliwa naroon ang aking kaibigan.Sa pagpasok ko pa lamang sa silid ay nakita ko na agad ang iba naming kabarkada. Puro sila malungkot at halos maiyak-iyak.

Di ko mapigil ang aking luha habang minamasdan ko ang mukha ni Richard sa loob ng kabaong. May mga tapal ang kanyang pisngi at noo. Lumapit sa akin ang kapatid niyang si Kristine. "Nabundol ng trak ang kotseng sinasakyan niya." "Saan nangyari ito?" ang tanong ko. "Sa may Magallanes Village, sa Expressway, noong Sabado. Wala ngang nakakita kung

anong plate number ng truck. Hit and run ang nangyari." "Nanghina ako nang mabasa ko sa pahayagan ngayong hapon. Nagmadali nga akong pumarito," ang wika ko. Isang mabait at masayang kaibigan si Richard. Marami siyang kaibigan, mahirap at mayaman. Buhat pa ng maliliit kami ay magkaibigan na at madalas magkasama, nagbabasketball, namamasyal, nagsisimba, at iba pang gawain ng mga bata. Bakit kaya siya binawian agad ng buhay? Labimpitong taon pa lamang siya. Marami pa sana siyang magagawa at matutulungan. Nasabi ko tuloy sa sarili na hindi nga pala nakatitiyak ang sinuman kung kailan darating ang kamatayan. Maaaring sa araw ding ito, o sa madaling panahon. Kailangang maging handa sa lahat ng oras. Kailangan ang paghingi lagi ng awa at kailinga sa Diyos, at ang pagiging mabait.

**Mga Tanong:**

| | |
|---|---|
| *Ano ang paksa ng tekstong iyong binasa?* | |
| *Ano-ano ang mga mahahalagang pangyayari na nagpapatunay sa paksa?* | |

# *Tayahin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag sa bawat bilang. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa inyong sagutang papel o kuwaderno.

**Para sa bilang 1 hanggang 8**
**Panuto:** Ibigay ang paksa/mahahalagang pangyayari ng mga pahayag.

1. *Ang edukasyon ay mahalaga sa bawat isa dhil dito nakasalalay ang kinabukasan ng bawat tao at kung ano ang kanyang kahihinatnan dito sa mundo. Ito ang ating sandata para magkaroon ng magandang buhay. Maraming paraan upang makamit natin ang isang mabuting hinaharap.*

A. kahalagahan ng edukasyon
B. kinabukasan ng tao
C. pagkamit ng mabuting hinaharap
D. magandang kinabukasan

2. *Ang pagkakaibigan na marahil ang isa sa mga bagay na mahirap ipagpalit sa materyal na bagay. Karaniwang pinaghihirapan ang makakuha at magkamit ng isang mabuting kaibigan. Kung hindi naman maaalagaan ang isang kaibigan ay nawawala na lamang na parang bula. Ang pag-iingat ng isa sa iyong mga pinakamahalagang kayamanan sa buhay ay maihahalintulad sa pag-aalaga ng isang kaibigan.*

A. kayamanan sa buhay
B. mabuting kaibigan
C. pagkakaibigan
D. materyal na bagay

3. *Kung wala ang wika, paano kaya magkakaintindihan ang mamamayan, paano kaya mapabibilis ang pagsulong ng kaunlaran at paano kaya mapalalapit ang tao sa isa't isa? Sa bawat isang tanong at marami pang kasunod na katanungan, hindi sapat ang senyas, drowing, ang kulay, ang krokis, ang ingay o anumang paraang maaaring likhain ng tao upang matugunan ang lahat ng mga katanungan. Sa lahat ng ito, kailangan ng tao ang wika.*

A. kahalagahan ng mamamayan
B. kahalagahan ng kaunlaran
C. kahalagahan ng pag-ibig
D. kahalagahan ng wika sa tao

4. *Ang kalikasan ay isang biyayang galing sa ating Panginoon. Dito nanggagaling lahat ng bagay na ating ikanabubuhay. Ito ay maganda at kapakipakinabang. Mula sa pagkain, tirahan, gamot at marami pang iba. Dito rin nanggagaling ang ating kaalaman na dahil sa kuryosidad sa napakahiwagang nilikha ng Diyos, nasusubok natin ang hangganan ng ating kaalaman.*

A. kalikasan
B. Panginoon
C. hanapbuhay
D. kaalaman

5. *Ang ina kapag may pera, hindi iniisip kung magkakaroon ba siya ng bagong gamit o alahas. Una sa listahan ang pangangailangan ng pamilya. At kung may sobra, magandang sapatos at napupusuang laruan ng anak ang kanyang ikasisiya. Ang ina, sa hapag-kainan, hindi nauuna sa ulam, tinitignan muna kung sapat ang hinain sa kanyang mag-anak. Maliit na parte ang ihahain sa kanyang pinggan upang makita na busog at masigla ang anak sa tuwina.*

A. kahirapan sa buhay
B. pagmamahal ng isang ina
C. pag-ibig sa magulang
D. pangangailangan ng pamilya

6. *Ang kahirapan ang isa sa mga mabibigat na problema ng ating bansa. Madalas nating sisihin ang maling pamamalakad ng mga pinuno ng bansa, pero sila nga ba ang may kasalanan o tayong mga Pilipino na tamad?*

A. katamaran
B. kahirapan
C. maling pamamalakad
D. mabibigat na problema

7. *Ang pagiging ganid sa pera at kapangyarihan ay ang ugat ng lahat ng kasamaan. Hindi lingid sa ating kaalaman na ang ating bansa ay nagunguna sa larangan ng korapsyon. Walang sektor sa ating lipunan ang hindi nasasangkot sa mga anomalaya tungkol sa pera at iba pang hindi kanais-nais na mga gawain.*

A. kapangyarihan
B. anomalya
C. korapsyon
D. kasamaan

8. Ang _________ ay maaaring bahagi ng akda o pangungusap na binibigyan ng pokus o tuon sa akda o pangungusap.

A. sanaysay
B. teksto
C. paksa
D. tauhan

9. Ito ay nagmula sa dalawang salita, ang sanay at pagsasalaysay isang piraso ng sulatin na kadalasang naglalaman ng punto de vista (pananaw).

A. sanaysay
B. teksto
C. paksa
D. tauhan

10. Ang _________ ay ang babasahin na naglalaman ng mga ideya tungkol sa iba't ibang tao o impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay.

A. sanaysay
B. teksto
C. paksa
D. tauhan

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sabihin ang paksa ng sanaysay sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa graphic organizer. Isulat sa unang bilog ang paksa ng sanaysay at sa ibang bilog naman ang mga pangyayari na nagpapatunay sa paksa.

Kung mayroong suliranin na nais malampasan ng bawat tao sa mundo, ito ay ang problema sa pananalapi. Sino ba naman ang may nais na laging iniisip kung saan kukunin ang pambayad sa mga gastusin?

Karaniwan na ring eksena ang paghagilap ng pangtustos para sa araw-araw na pagkain ng pamilya. Idagdag pa ang kinakailangang salapi upang maipagpatuloy ng mga mag-aaral ang kanilang edukasyon.


Ilang dekada nang kinahaharap ng mga mamamayan sa iba't ibang panig ng mundo ang kahirapan. Ngunit tila hanggang ngayon ay wala pa ring konkretong solusyon pa rito. May mga pamahalaan naman sa mundo na ginagawa ang lahat upang masugpo ito. Ngunit tial malala na yata kaya hanggang ngayon ay hindi pa rin magamot.

Sa Pilipinas, ang kahirapan ay laganap din. May mga nagsasabi na kailangan daw ng tulong ng pamahalaan. Ngunit ang sigaw naman ng ilan, kailangan nang kalimutan ang katamaran ng mga Pilipino at magbanat ng buto upang makaramdam ng ginhawa sa buhay.

Nagsasanga-sanga kasi ang suliranin kapag walang sariling diskarte ang mga tao sa pagsugpo ng kahirapan. Sabi nga ng ilan, kailangan ding tulungan ng mga mamamayan ang kanilang sarili upang makaahon sa hirap. Hindi pamahalaan lamang ang makapagbabago ng kanilang pamumuhay.

Panahon na siguro upang magtulungan ang bawat isa upang masugpo ang suliranin sa paghihikahos sa buhay. Magiging mabisa kung sama-sama ang pagkilos para sa ikaangat ng ating buhay.

Sanggunian: https://www.panitikan.com.ph/sanaysay-tungkol-sa-kahirapan



## Susi sa Pagwawasto

Tayahin

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. B |
| 2. C | 7. C |
| 3. D | 8. C |
| 4. A | 9. A |
| 5. B | 10. B |

## Sanggunian


https://brainly.ph/question/140197

https://brainly.ph/question/201468

https://brainly.ph/question/1068623

https://pinoycollection.com/sanaysay-tungkol-sa-pamilya/

https://www.panitikan.com.ph/sanaysay-tungkol-sa-kahirapan

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er
That my ashes may carpet earthly floor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare,
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed!
Give thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."